

PAUNANG SALITA
Oda sa Bayang Sinilangan

Ms. Cora M. Relova

Pangulo, Pila Historical Society Foundation, Inc.
Limitadong Pagbabasa

May natatanging lugar sa aking puso ang Pila, ang aking bayang sinilangan. Hindi lamang ito pook ng aking kapanganakan o lugar na binabalikan para sa kanyang mga *fiesta* o upang magbigay-pitagan sa aking mga ninuno sa araw ng mga santo. Ito ay isang mahiwagang dako, hitik sa mga maliligayang karanasang nakapananabik balik-balikan, mga masasayang alaala ng kamusmusan, ng kapayakan, ng kapanatagan, ng malinis na hangin, at mga malilinis na ilog at isang lawang nananagana sa buhay. Naririto ang nakatatahimik na mga ulan ng tag-init, ang Flores de Mayo, ang kaligtasang dulot ng pag-ibig sa loob ng pamilya, ang luklukan sa init ng araw.

Nang ako’y nasa hustong gulang na, nabiyayaan ako ng pagkakataong makapaglakbay at manirahan sa ibayong-dagat at nakita ko mismo kung papaano ang mga maliliit na bayan ay

nakapapanatili ng kanilang mga lumang gusali, mga espasyong pampubliko at iba pang mga bantayog ng nakaraan sa kabila ng mga panghihimasok ng modernisasyon. Ang ganitong respeto sa sariling pamanang arkitektural ay bumabaybay sa iba pang mga aspeto ng kanilang pamana at nakalipas.

Kung ito ay nagawa sa New England, Estados Unidos, sa Provence, Pransya o sa Tuscany, Italya, bakit hindi sa Pila, Laguna? Bunsod nito, nagsimula ang gawain ng Pila Historical Society Foundation, Inc. na papanatilihin ang plaza at mga bahay na nakapalibot dito. Nagbigay-daan naman ito upang saliksikin namin ang nakalipas ng Pila.

Lubos kaming pinalad nang ang aming pinsang historyador at henealohista na si Dr. Luciano Santiago ay sumulat ng kanyang papel hinggil sa kasaysayan ng Pila. Nakapagpataba ng puso na malaman kung gaano kahalaga ang aming kaakit-akit na bayan sa kasaysayan ng ating bansa. Nalaman namin sa pamamagitan ni Dr. Santiago ang tungkol sa IBTL, sa pagkaparangal sa Pila bilang “*La Noble Villa de Pila*,” at sa pagkalathala sa aming bayan ng *Vocabulario de lengua tagala* na mapalad kaming magkaroon ng mga kopyang *facsimile* mula sa Espanya.

Magandang kapalaran din at isang bata’t masigasig na historyador sa katauhan ni G. Jaime Figueroa Tiongson ay naging kasapi ng aming grupo. Nang inihain niya ang posibilidad na sa aking bayang sinilangan ng Pila inukit ang Inskripsyon sa Binatbat na Tanso ng Laguna (IBTL), hindi namin mapigilan ang aming kasiyahan. Makalipas ang limang taon ng maingat na pag-aaral, walang pagdududang inihayag ni G. Tiongson na ang pinagmulan ng IBTL ay maaaring taluntunin pabalik sa Pila.

Na ang ganito kahalaga -- posibleng pinakamahalagang liktáong kultural ng ating nakaraang prekolonyal -- ay manggagaling sa aking bayang sinilangan ang nagpapatunay na ang bayan ay naging sentro ng pagbubukal at tagisan ng mga kaisipan. Binibigyang-buhay sa pamamagitan nito ang pangalan ng aming bayan bilang *La Noble Villa de Pila*. Noong ika-17 ng

Mayo 2000, dulot ng pagpupunyagi ng aming pundasyon, idineklara ng Pambansang Suriang Pangkasaysayan ang Pila bilang “*Historical Landmark*” o Pambansang Pananda ng Kasaysayan.

Ang mga kaganapang ito patungkol sa Pila ay isang serye lamang ng mga di-inaasahang pangyayari, kaya masasabi siguro kung gaano kaangkop ang naging palayaw na ng aming bayan bilang “Bayang Pinagpala.”

*Salin mula sa Ingles ni
Prop. Ma. Carmen V. Peñalosa*

Limitadong Pagbabasa

Limitadong Pagbabasa